Ontario Energy Board
Commission de l'énergie de l'Ontario

TAKE CHARGE

# MAGING ISANG MAALAM NA MAMIMILI NG ENERHIYA

## KAMI AY MAKATUTULONG

ANG PAGIGING MAALAM ay makatutulong sa pagsasagawa ng mga desisyon na tama para sa inyo at sa inyong pamilya.

Ang OEB ay isang independyente at walang kinikilingang ahensya pampubliko. Kami ay nagsasagawa ng mga desisyon na nagsisilbi sa interes ng publiko. Ang aming layunin ay ang palakasin ang isang sektor na may kakayahang enerhiya at pinansyal na nagpapatuloy na nagkakaloob sa inyo ng maaasahang mga serbisyong pang-enerhiya sa isang makabuluhang halaga.

- Kami ay nagsasagawa ng aming mga proseso na malinaw at bukas sa pakikisangkot ng publiko.
- Kami ay lumilikha ng mga patakaran para sa mga kumpanya ng enerhiya at ipinapatupad ang mga ito.
- Pinagkakalooban namin ng lisensya ang mga kumpanya ng enerhiya (hal., mga utility ng elekrisidad, mga transmiter at mga dyeneretor, at mga nagtitingi ng enerhiya).
- Kami ay nagtatrabaho kasama ng mga kumpanya ng enerhiya at mga mamimili upang isagawa ang resolusyon ng mga reklamo.
- Kami ang nagsasaayos ng mga rate na sinisingil sa pagtutustos at paghahatid sa inyo ng inyong utility para sa elektrisidad/natural na gas.

**MATUTO PA NG HUSTO TUNGKOL SA:**

- Ang inyong mga karapatan at mga responsibilidad bilang isang mamimili ng enerhiya.
- Ang inyong binabayaran para sa elektrisidad at sa natural na gas.
- Paano at kailan isinasaayos ang mga presyo at mga rate ng enerhiya sa Ontario.
- Paano ang mga presyo ng mahusay na mga kontador (smart meters) at ang oras ng paggamit [time-of-use (TOU)] ay makatutulong sa inyo na pamahalaan ang inyong paggamit ng elektrisidad.

- Ang pagpili ng inyong panustos ng enerhiya:

  » ang reguladong rate mula sa inyong utility o ang
  » presyong inialok ng isang nagtitingi ng enerhiya

## PAMAHALAAN ANG INYONG PAGGAMIT NG ELEKTRISIDAD

Magpapalit-palit ng oras sa paggamit ninyo ng elektrisidad kung kailan ang presyo ng elektrisidad ay HIGIT NA MABABA.


Ang mga sambahayan at maliit na mga negosyo sa Ontario ay nagbabayad ng mga presyo ayon sa mga oras ng paggamit ng elektrisidad. Ang mga presyo ng oras ng paggamit ay nagbabago ayon sa oras ng naturingang araw at sa araw ng naturingang linggo.

Ang mga presyo ng elektrisidad, katulad ng mga plano ng cell phone, ay higit na matipid kung ang pangangailangan ay higit na mababa: sa gabi, sa Sabado at Linggo at sa mga piyesta opisyal.

KUNG ANG PANGANGAILANGAN AY MABABA: Kaunting mga tao lamang ang gumagamit ng elektrisidad at ang mga mamimili ay nagbabayad ng mababa. Ito ay dahil sa maraming elektrisidad ang nakalaan para magamit ninyo mula sa murang mga mapagkukunan katulad ng nuklear at malalaking haydroelektriko.

KUNG ANG PANGANGAILANGAN AY TUMAAS: Habang nagsisimula ang araw ng trabaho, mas maraming tao at mga negosyo ang nagbubukas ng kanilang mga ilaw, mga kasangkapan at kagamitan. Ang panustos ng lalawigan sa higit na matipid na elektrisidad ay naubos na. Ito ay bumabaling sa mga may kamahalang na mapagkukunan.

- Para sa karagdagang mga impormasyon, bumisita sa:
www.ontarioenergyboard.ca/OEB/Consumers




| MGA PRESYO NG ELEKTRISIDAD<br>SA ORAS NG PAGGAMIT | SABADO AT LINGGO AT SA MGA ARAW NG PIYESTA OPISYAL | TAG-ARAW – MGA ARAW NA MAY PASOK | TAGLAMIG – MGA ARAW NA MAY PASOK |
|---|---|---|---|
| HINDI KALAKASAN<br>(OFF-PEAK) | | Mayo 1 – Oktubre 31 | Nobyembre 1 – Abril 30 |
| | HATING-GABI | HATING-GABI | HATING-GABI |
| KALAGITNAAN NG KALAKASAN<br>(MID-PEAK) | | | |
| NASA KALAKASAN<br>(ON-PEAK) | N.H. N.U. | N.H. N.U. | N.H. N.U. |
| | KATANGHALIAN | KATANGHALIAN | KATANGHALIAN |

## IKINUKONSIDERA BA NINYO ANG ISANG KONTRATA PARA SA ELEKTRISIDAD O NATURAL NA GAS?

Bago magsagawa ng anumang desisyon, MAG-ISIP KAYO NG MABUTI at MAGING KUMPORTABLE. Ang pinakahuling kapasiyahan ay nasa sa inyo.

**ANO ANG DAPAT NINYONG MALAMAN BAGO PUMIRMA NG ISANG KONTRATA:**

- Ang OEB ay hindi isinasaayos ang mga presyong inialok ng mga nagtitingi ng enerhiya.
- Magkumpara ng mga presyo –alamin kung ano ang iniaalok ng inyong utility o iba pang mga kumpanya.
- Huwag isiping puwersado kayo sa pagpirma ng isang kontrata.
- Ang kontrata ay isang legal na dokumento–kayo ay mayroong pagkakataon upang magbago ng inyong isip, dahil kung hindi, kayo ay maaaring matali sa mga termino ng kontrata.
- Ang mga ahenteng nagbebenta ay kailangang nakasuot ng may pagkilanlan ng kumpanya
- Hindi ninyo kailangang ipakita ang inyong talaan ng bayarin (bill) maliban na lamang kung kayo ay sumang-ayon na pumirma ng isang kontrata.
- Subaybayan i ang lahat ng mga dokumento at mga kontrata ng mga utility o ng mga nagtitingi.

**SA ORAS NA KAYO AY PUMIRMA NG ISANG KONTRATA:**

1. Kailangan ninyong kumuha ng isang kopya.

2. Kung magbago ang inyong isip, mayroong 10 araw ng matahimik na panahon upang ikansela ito.

3. Maaaring kailanganin ninyong beripikahin na nais ninyong ipagpatuloy ang kontrata. Pagkatapos ninyong beripikahin, maaaring magbayad kayo ng halaga kung naisin ninyong ikansela bago matapos ang kontrata.

4. Maraming iba't-ibang mga pamamaraan upang repasuhin o ipagpatuloy ang mga kontrata (hal., sa panulat, sa telepono, sa pamamagitan ng internet o awtomatiko). Sumangguni sa inyong nagtitingi o ang OEB para sa mga detalye.

## ANG SANGGUNIAN PARA SA ENERHIYA NG ONTARIO (ONTARIO ENERGY BOARD) AY MAKATUTULONG SA INYO UPANG MAGING ISANG MAALAM NA MAMIMILI NG ENERHIYA

Para sa impormasyon tungkol sa iba't-ibang mga paksa, bumisita sa:
www.ontarioenergyboard.ca/OEB/Consumers

Sumangguni sa aming SENTRO PARA SA MGA UGNAYAN NG MAMIMILI (CONSUMER RELATIONS CENTRE)
(ito ay bukas mula Lunes hanggang Biyernes, 8:30 n.u. hanggang 5 n.h.)

1-877-632-2727 (libreng linya sa loob ng Ontario)
416-314-2455 (sa loob ng Lugar ng Buong Toronto o mula sa labas ng Canada)
consumerrelations@ontarioenergyboard.ca

Sundan kami sa: @OntEnergyBoard

Ang Sanggunian sa Enerhiya ng Ontario (Ontario Energy Board) ay isang independyente at walang kinikilingang ahensya pampubliko. Kami ay nagsasagawa ng desisyon na nagsisilbi sa interes ng publiko. Ang aming layunin ay ang palakasin ang isang sektor na may kakayahang enerhiya at pinansyal na nagpapatuloy na nagkakaloob sa inyo ng maaasahang mga serbisyong pang-enerhiya sa isang makabuluhang halaga.

*Aussi disponible en français. Ang materyal na ito ay nakalaan din sa iba pang mga wika. Bumisita sa aming website o sumangguni sa aming Sentro para sa mga Ugnayan ng Mamimili (Consumer Relations Centre).*